

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Pang-abay na Panlunan

Salungguhitan ang pang-abay na panlunan sa pangungusap. Gumuhit ng *arrow* mula sa pang-abay hanggang sa pandiwa na inilalarawan nito.

1. Susunduin ko si Nanay sa istasyon ng bus.
2. Nagbakasyon kami sa Tagaytay noong Disyembre.
3. Si Christina ay pumunta sa Canada para bisitahin ang kanyang mga kamag-anak.
4. Sa silid-aklatan ko sila nakita na nagsasaliksik.
5. Ang Pista ng Pahiyas ay ipinagdiriwang tuwing Mayo sa bayan ng Lucban, Quezon.
6. Nag-aaral sa Unibersidad ng Santo Tomas ang panganay na anak ni Dra. Reynaldo.
7. Bumili ng gamot sa botika si Ate Cheryl para sa kanyang anak.
8. Inihatid namin sa Philippine General Hospital si Lola Conchita kahapon.
9. Tuwing hapon ay nagtitipon ang mga kalaro namin sa palaruan.
10. Sabay-sabay kumakain ng tanghalian sa kantina ang tatlong magkakapatid.
11. Nagpulong kina Alexis ang pangkat ni Mary Jane.
12. Sa lalawigan ng Albay matatagpuan ang napakagandang Bulkang Mayon.
13. Nagdeposito ng pera sa bangko ang ingat-yaman ng kumpanya.
14. Sa Simbahan ng Quiapo nagsisimba ang mag-asawa tuwing Linggo.
15. Itatanghal sa plaza ang programa na may kantahan at sayawan.